


Kuwento ni:
Angelica B. Sipin

Guhit ni:
Jobel L. Monteclaro

# Eroplanong Papel

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION



# Eroplanong Papel

MELC: Natutukoy ang bahagi ng binasang kuwento — simula-kasukdullan-katapusan F4PB-II-24

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2022 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statues, rules and regulations, and speeches, lectures. sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in collaborative assemblies and in meetings of public character.


For the purpose of citation, the following is recommended.

DEVELOPMENT TEAM

Kuwento ni: Angelica B. Sipin
Guhit ni: Jobel L. Monteclaro
Layout Artist: Dorothy Grace I. Reyes

Learning Resource Managers:
Ruby E. Baniqued, EPS—LRMS
Alyn G. Mendoza, CID Chief
Aurelio G. Alfonso, ASDS, OIC-OSDS
Dennis M. Mendoza, EPS ,CLMD-LRMS

Mandaluyong City
National Capital Region





“Nay! Tay! Nagbukas na po ang paaralan sa nayon. Kailan po kaya ako magpapalista?” humahangos na tanong ko kina Nanay at Tatay.

Nakita kong tiningnan ni Nanay si Tatay.

“Pasensiya ka na, anak, dahil hindi ko na kayo kayang bigyan ng baon ngayong taon,” malungkot na wika ni Tatay.

“Bakit po, Tay?” ang tanong ko.

Ako ay nasa ika-apat na baitang sa darating na pasukan sa Mababang Paaralan ng Rizal. Mahilig talaga akong mag-aral dahil gusto kong makapagtapos at matulungan sila Nanay at Tatay sa pagtanda nila. Kaya’t lubos ang aking kalungkutan sa narinig na balita.





“Hindi naipagbili ang lahat ng inaning gulay ng iyong Tatay,” paliwang ni Nanay.

“Alam kong matalino at masipag ka sa pag-aaral, anak, pero kulang ang pera natin para sa baon ninyong magkakapatid,” dagdag pa ni Tatay.

Apat kaming magkakapatid. Pagtatanim sa bukid ang trabaho ni Nanay at Tatay. Maliit ang aming bahay. Ang bubong nito ay gawa sa pawid at ang dingding naman ay gawa sa kawayan. Nakatira kami sa kapatagan na may mga puno, at tanaw ang kabundukan.

Pinupuntahan ng mga dayuhan ang aming lugar dahil sariwa ang hangin at malago ang mga dahon ng puno rito. Gasera ang nagsisilbing liwanag naming sa gabi at ang haring araw naman ang siyang liwanag sa umaga.



“Paano na po ang aming pag-aaral?” dagdag na tanong ng kuya ko.

“Oo nga po, nay at tay, gusto ko pa pong makapagtapos ng pag-aaral…” pagsusumamong pahayag ni ate.

“Anak, parine ka,” tawag ni Nanay sa akin habang hinihimas ang aking kulot na buhok.



“Huwag tayong mawalan ng pag-asa. May awa ang Diyos,” ang sabi ni Nanay.

Nang gabing iyon, malungkot kaming natulog at nag-aalala kung makapag-aaral pa ba kami.



Hindi na nga kami nakapagpalista para sa bagong taon panuruan. Isang araw, naisipan kong maglaro ng eroplanong papel sa labas ng aming bahay upang malibang. Wala kasi kaming pambili ng mga laruan, kaya noong bata pa kami ay tinuruan kami ni Tatay kung paano gumawa ng eroplanong papel.



Nakita ko ang mga dati kong kaklase na pauwi na. Naghahabulan sila dala ang kani-kanilang bag at iba pang gamit pamparaalan.

Tiningnan nila ako at tinanong, “Bakit hindi ka na pumapasok, Ana?”

Dahil mahiyain ako, hindi ko sila sinagot.

“Tingnan mo, bago ang aking uniporme at sapatos,” sabi ng isa.

“Bago din ang aking mga *notebook* at lapis,” dagdag naman ng isa pa.






Dali-dali akong umuwi para lumayo sa kanila. Mabilis akong tumakbo para kunin ang lumang bag na may lumang *notebook* at lapis. Nagpunta ako sa burol sa gitna ng gubat at nakita ko ang kabuuan ng kapatagan. Hindi ko napansin ang sakit ng aking mga paa. Basta, malungkot ako. Nasaktan sa mga sinabi nila.

Nang makarating ako sa tuktok ng burol, sumigaw lang ako nang sumigaw. Hawak ang *notebook* at lapis, umupo ako sa madamong burol. Pagkatapos,  isinulat ko sa iisang pahina ang lahat ng pangarap ko at saka yung mga problema namin.



Isinulat ko sa ibaba ng papel ang aking buong pangalan.

Pinilas ko ang pahina ng *notebook* at ginawang eroplanong papel. Banayad kong pinalipad ang eroplanong papel at tinanaw ko ito hanggang sa hindi ko na makita.




Pagkatapos noon, nangako ako sa sarili na hindi na uli ako maiinggit sa iba.

“Tutulong ako kina Nanay at Tatay sa pagtatanim at pagtitinda. Baka sakaling magka-pera uli si Tatay at Nanay makabalik kami sa paaralan,” ang sabi ko sa sarili.

Umuwi na ako ng bahay at niyakap ko si Nanay at Tatay na nagtataka sa panibagong kilos ko.





Tok! Tok! Tok!

May narinig na malakas na katok sa pinto si Tatay. Binuksan niya ang pinto at nagulat siya sa kanyang nakita. Tatlong lalaking nakasuot ng *shorts* at *t-shirt* ang bumati ng magandang umaga kay Tatay. Ang laki ng bag nila. Mas Malaki pa sa bag ko. Parang ang bigat-bigat ng mga ito.

“Ginoo, nais po sana naming malaman kung dito po naninirahan si Ana Dela Cruz,” turan ng isang lalaki.

“Tumuloy po muna kayo,” tugon ni Tatay.



Nang makaupo na ang mga lalaki, muling nagsalita si Tatay.

“Dito nga po siya nakatira. Anak ko po si Ana. Paano po ninyo nalaman ang kanyang pangalan at bakit po ninyo siya hinahanap?” sunod-sunod na tanong ni Tatay.



“Kami po ay mga negosyante sa lungsod. Habang kami ay namamasyal papunta sa burol na malapit dito sa inyong lugar, nakapulot po ako ng eroplanong papel,” tugon ng isa pang lalaki.

“Nabasa ko ang mga nakasulat sa eroplanong papel at ako ay labis na nahabag sa sitwasyon ng batang iyon. Isa-isang nakalista ang mga pangarap niya sa buhay,” dagdag pa niya.

Yumuko si Tatay na hindi makapaniwala sa mga sinasabi ng lalaki.



“Kami po ay may pwesto na bilihan na gulay sa nayon at nais po sana naming bilhin ang mga natirang ani ninyo na hindi niyo na naipagbili. Kung maayos ang mga ani ninyo, gusto naming kayong kunin bilang isa sa aming *suppliers,*” sambit ng ikatlong lalaki.



Nakita ko ang mukha ni Tatay na nabigla sa kanyang narinig.

Tinawag niya si Nanay para sabihin ang magandang balita.





Narinig ko ang lahat ng mga sinabi ng tatlong lalaki, kaya sobrang saya ko. Gusto kong magtatalon sa tuwa at sabihin sa aking mga kapatid ang magandang balita.




Pagka-alis nila, tinawag kami ni Tatay at Nanay para sabihing mag-aaral na uli kami.

Dali-daling pumunta si Nanay sa nayon para bumili ng mga gamit.




Kinabukasan, masayang-masaya kaming pumasok sa paaralan, na may bitbit na pangarap at bagong pag-asa.



Si Ana ay isang masipag na bata at mataas ang kanyang pangarap sa buhay. Nasa ika-apat na baiting na siya sa Mababang Paaralan ng Rizal kung saan siya ay laging kabilang sa honors list.

Isang araw, nasasabik niyang ibinalita sa kanyang mga magulang ang nalalapit na pagbubukas ng klase. Ngunit sa pagtataka ni Ana, hindi ito ikinatuwa ng kanyang nanay at tatay.

Bakit kaya malungkot ng kanyang mga magulang sa pagbubukas ng kanilang klase? Makapag-aaral pa kaya si Ana?